# Paghubog, Paglubog, Pakikibaka:
## Ang Praktikum ng Programa ng Araling Pangkaunlaran (Development Studies Program) ng Unibersidad ng Pilipinas Manila

REGINALD S. VALLEJOS

*Assistant Professor I sa Programa ng Araling Pangkaunlaran (Development Studies Program) ng Unibersidad ng Pilipinas Manila. Siya ay nagtapos ng Master of Public Administration (MPA) sa National College of Public Administration and Governance, Unibersidad ng Pilipinas Diliman (NCPAG-UPD), at ng Bachelor of Arts in Development Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Manila (UPM). Nakatuon ang mga interes sa agricultural development, citizen's participation, people empowerment, at organizational development. Naging bahagi siya ng mga gawain kasama ang mga magsasaka at organisasyong pesante at nangasiwa ng mga programa ng pakikipamuhay sa iba't-ibang komunidad sa kanayunan. Sa kasalukuyan, siya ang tumatayong Tagapangasiwa ng Programa ng Araling Pangkaunlaran ng UPM. Bilang faculty ng Araling Pangkaunlaran, siya ay nagtuturo ng International Aspect of Third World Development, Public Finance, Project Planning and Management, Human Resources and Development, at Research Methods in Social Sciences.*

**ABSTRAK**

Tinatalakay ng artikulong ito ang mahigit dalawang dekada ng mga kuwento, karanasan, at aral sa pagsasagawa ng Programa ng Araling Pagkaunlaran ng Unibersidad ng Pilipinas Manila (UP Manila) ng kanilang taunang programang praktikum (Development Studies 190) kung saan mahigit apat hanggang anim na linggong nakikipamuhay ang mga mag-aaral sa kanayunan upang alamin at suriin ang kalagayan ng mga batayang sektor ng lipunan, partikular ang mga magsasaka, mangingisda, at katutubo. Ibinabahagi ng artikulong ito ang kahalagahan ng pakikipamuhay sa kanayunan upang kongkretong masuri ang lipunang Filipino at makatulong sa pagsusulong ng mga polisiya at programang pangkaunlaran na sasalamin sa buhay at pakikibaka ng mamamayan. Sa pakikipamuhay sa kanayunan, higit na

**ABSTRACT**

This article discusses the stories, experiences, and lessons of almost two decades of community integration as part of the practicum program, Development Studies 190 (DS 190), of the University of the Philippines Manila (UP Manila). DS 190 requires its students to integrate with the farmers, fisherfolks, and national minorities in the countryside for four to six weeks to understand the current situations of the marginalized sectors. This article shares the importance of community integration of students to concretely analyze the Philippine society and help push for pro-poor, pro-people development policies that include the interests, aspirations and struggles of Filipinos. Throughout the course of their community integration, students develop a more precise understanding of the importance of theory and practice in advancing a genuine

nauunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng mga teoryang natututunan sa unibersidad at kung paanong mailalapat ang mga ito sa praktika ng pagsusulong ng kaunlaran. Tinalakay rin sa artikulong ito ang mga kahinaan at ambag ng programa sa mga katuwang na organisasyon at sektor sa pagsasagawa ng praktikum. Kasama rin sa tinalakay ang kontribusyon ng programang praktikum sa pagpapaunlad ng kurikulum ng Araling Pangkaunlaran ng UP Manila.

**Mga susing salita:** pakikipamuhay, neoliberalismo, edukasyon, kanayunan, kaunlaran

development for the country. For almost 20 years of community integration as practicum for Development Studies students, countless lessons and experiences have been acquired. These lessons and experiences, as well as some issues and problems are continually being used in order to further improve the practicum and make it relevant for the students, faculty, university, and the Philippine society.

**Keywords:** integration, neoliberalism, education, countryside, development

**Panimula**

Ipinapakita ng papel na ito ang mga karanasan at repleksiyon ng may-akda bilang mag-aaral, facilitator, at faculty adviser ng Programang Praktikum ng Araling Pangkaunlaran sa Unibersidad ng Pilipinas Manila (UP Manila). Ang praktikum ay kursong kinakailangang kunin (required course) kung saan isinasagawa ang pakikipamuhay at pakikipag-aralan ng mga mag-aaral ng programa sa mga komunidad sa kanayunan ng Pilipinas. Kabilang ang mga magsasaka, mangingisda, at katutubo sa mga sektor na nilulubugan. Tinatalakay ng akdang ito ang ambag ng Praktikum ng Araling Pangkaunlaran sa pagsusulong ng pakikibaka ng mga magsasaka, mangingisda, at katutubo para sa lupa, karapatan, at kabuhayan at pagsuporta at pakikiisa ng Programa sa demokratikong pakikibaka ng mamamayang Filipino.

Nahahati ang papel sa apat na bahagi. Nakatuon ang unang bahagi sa kahalagahan ng edukasyon at papel ng mga guro at mag-aaral sa pakikibaka ng mamamayan; sa ikalawang bahagi tinatalakay ang kasaysayan at mga layunin ng pakikipamuhay sa kanayunan bilang bahagi ng praktikum; inilalahad sa ikatlong bahagi ang mga karanasan, aral, at hamon ng Programa ng Araling Pangkaunlaran sa pagsasagawa ng pakikipamuhay sa kanayunan ng mahigit 21 taon; at panghuli, sinusuri ang naging ambag ng praktikum lalo na sa mga mag-aaral at guro, sa kurikulum ng programa, at sa mga organisasyong naging kabahagi ng pagsasagawa ng praktikum.

Sa Pilipinas, tinitingnan ng kalakhan ng mamamayan ang edukasyon bilang paraan upang makaahon sa kahirapan. Para sa kanila, ang diploma ay rekisito upang makapasok sa trabahong magsisilbing susi sa pag-unlad ng kanilang buhay. Karaniwan nang maririnig

sa mga magulang na salat sa karangyaan, na edukasyon ang tanging maipamamana sa mga anak. Maging ang Saligang Batas ng Pilipinas ay kumikilala sa mahalagang papel ng edukasyon sa paghubog ng kabataan upang maging mabuting mamamayan. Bahagi ito ng batayang pangangailangan, kaya kahit nahihirapan ang mga magulang, iginagapang nila ang pagpapaaral upang mapagtapos at makuha ng mga anak ang inaasam-asam na diploma. Diplomang para sa karamihan ay mag-aahon sa kanila mula sa kahirapan.

Malinaw na nakasaad sa Saligang Batas na bibigyang priyoridad ng estado ang edukasyong magsusulong ng patriotismo, nasyonalismo, at panlipunang kaunlaran. Mandato ng estado ng Pilipinas na: "to protect and promote the right of all citizens to quality education at all levels and to take appropriate steps to make such education accessible to all" (Art. XIV, Section 1).

Ginagarantiyahan ng Saligang Batas ang akses sa edukasyon ng lahat ng mga kabataang nais mag-aral. Ngunit dahil laganap ang kahirapan, mistulang pribilehiyo sa halip na karapatan ang edukasyon. Kahirapan din sa buhay ang nagiging sagka upang maabot ng mga mag-aaral ang pangarap nilang digri sa kolehiyo na daan tungo sa pagbabago ng kanilang antas sa kabuhayan. Patuloy ang pagtaas ng matrikula at iba pang mga bayarin sa mga paaralang pribado at publiko. Ito ang nagbunsod sa pagsusulong ng mga kabataan at mamamayan, sa pangunguna ng Anakbayan at ibang mga progresibong organisasyon ng kabataan, ang pagkakaroon ng libreng edukasyon sa bansa (Signing of free college education into law a victory of collective struggle). Tinugunan at pinatupad ng administrasyon ni Pangulong Rodrigo Duterte ang panawagang ito sa pamamagitan ng libreng edukasyon (Republic Act 10931 o Universal Access to Quality Education Act) sa mga State Universities and Colleges (SUCs) katulad ng Polytechnic University of the Philippines at ng Unibersidad ng Pilipinas. May kahalintulad ding patakaran ang mga lokal na pamahalaang sumasakop sa Local Colleges and Universities na magpatupad ng libreng edukasyon sa kanilang mga nasasakupan. Sa Lungsod Quezon ay may pinatutupad na programa para sa pagbibigay ng libreng edukasyon sa mga mag-aaral ng lungsod sa ilalim ng Scholarship and Youth Development Program (SYDP), kasama ang book allowance at stipend. Sa Makati, libreng nakapag-aaral sa University of Makati ang mga kabataang naninirahan sa lungsod. Pero sa kabila ng ganitong mga polisiya, patuloy na tumitindi ang komersiyalisadong edukasyon sa bansa.

Sa dikta ng neoliberalismo pinapalitan at pinalalabnaw ang papel ng estado sa pagbibigay ng serbisyong panlipunan upang bigyang-daan ang pribadong sektor. Binabalangkas sa ilalim ng neoliberalismo ang pagkontrol sa ekonomiya, politika at kultura sa pamilihan, sa pamamagitan ng pribatisasyon ng mga pagmamay-ari ng estado (hal. NAPOCOR, MWSS, SSS, MERALCO), deregulasyon o pagtanggal ng kontrol ng pamahalaan sa pribadong sektor (hal. langis, matrikula), at liberalisasyon ng kalakal o pagtanggal ng proteksiyon sa lokal na ekonomiya (hal. buwis sa mga produktong imported, subsidiyo sa agrikultura) (Sison 64).

Maging ang sistema ng edukasyon ng bansa ay sinaklaw ng neoliberalismo. Halimbawa, sa panukalang pribatisasyon ng ilang SUCs, ibinibenta o ipinaparenta ang malalawak na lupain upang magkaroon ng kita ang mga pampublikong unibersidad. Tampok dito ang UP Town Center (na sumaklaw sa lupang kinatatayuan ng dating UP Integrated School) at ang UP Techno Hub. Kinakailangang magkaroon ng kita ang UP upang matugunan ang mababang alokasyon sa badyet ng pamahalaan sa pamantasan kaya napipilitang magnegosyo ang mga pampublikong unibersidad upang makalikom ng pondo at nagpapanukala ng pagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin katulad ng *electrification fee*, *sports and wellness fee*, *publication fee*, at iba pa. Dahil sa lumalaking gastos sa edukasyon, napipilitan ang ibang mga kabataan na tumigil sa pag-aaral upang makatulong sa pamilya.

Malaki ang ginagampanang papel ng edukasyon sa paghubog ng kaisipan ng mamamayan. Isa ito sa mga ginamit ng mga kolonyalistang Amerikano upang payapain at pigilan ang paglaban ng mga mamamayan (Guerrero 225). Sa panahon ng mga pananakop, ginagamit ng mga estado ang edukasyon para ipatimo sa mamamayan ang kaisipang kolonyal. Ito ang nagsilbing pundasyon sa pagpapalaganap sa lipunan ng sistemang neoliberal.

Edukasyong makamasa, siyentipiko at makabayan ang inihahaing alternatibo ng mga progresibong organisasyon ng mga mag-aaral at ng mga guro laban sa edukasyong komersiyalisado at kolonyal.

Sa inilabas na Praymer ng League of Filipino Students (LFS) noong Agosto 16, 2010, ipinaliwanag nito ang nilalaman ng isinusulong na mga alternatibo:

> ▪ Ang edukasyon ay dapat natatamasa ng lahat ng mamamayang Pilipino upang magkaroon ng sandata sa pagsuri at pagbuo ng mga kongkretong hakbang sa paglutas sa mga problema ng sarili at ng lipunang Pilipino. Ang makamasang edukasyon ay instrumento upang iangat ang kalagayan ng naghihirap na sambayanang Pilipino, partikular ang mga manggagawa't magsasaka.
>
> ▪ Siyentipiko dapat ang edukasyon. Dapat pandayin nito ang siyentipikong pagsusuri at kaisipan ng mamamayan. Pinapasubalian nito ang kasalukuyang balangkas ng neoliberalismo na nagpapanggap na nagsisilbi sa interes ng nakararami ngunit sa katotohanan ay nagsisilbi sa interes ng naghaharing uri. Pinapatotohanan nito ang kawastuhan ng pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa na maglalatag ng kondisyon para sa pambansang industriyalisasyon. Dapat nagsisilbi ang siyensiya sa pagpapaunlad ng agrikultura na siyang pangunahing kabuhayan sa Pilipinas.
>
> ▪ Makabayan dapat and edukasyon. Layunin ng edukasyon na kilalanin ang mala-kolonyal na karakter ng lipunang Pilipino. Aktibong imulat ang mamamayan sa kahalagahan ng pakikibaka para sa pambansang soberanya

at tunay na kalayaan. Ang edukasyon at lahat ng kaalamang produkto nito ay nararapat na gamiting sandata sa pagpapaunlad ng ekonomiya, politika at kultura na magsisilbi sa interes ng sambayanan. Kailangang magsilbi ito sa pagpapaunlad ng kakayahan ng bawat isa para maging produktibong bahagi ng lipunan.

Paano isusulong ang mga ito sa ilalim ng patuloy na pagsunod ng pamahalaan sa dikta ng neoliberalismo? Sa mahabang karanasan ng paglulunsad ng praktikum ng Araling Pangkaunlaran ng UP Manila, tinutugunan nito ang layunin ng Programa na magamit ang mga teorya sa pagsusuri sa lipunang Filipino upang makapag-ambag sa pagsusulong ng pagbabagong panlipunan lalo na sa mahihirap na mga komunidad sa kanayunan. Sang-ayon ito sa Misyon ng Kolehiyo ng Agham at Sining ng UP Manila na pagkilala sa pananagutan sa mamamayan sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa kanila upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng kolehiyo sa pagtuturo, pananaliksik, pakikipagtulungan at adbokasiya para sa mga komunidad. Para sa programa, magagawa lamang ang misyong ito kung tatalima sa konsepto ng makamasa, siyentipiko, at makabayang edukasyon na higit na makapagsusulong ng pag-unlad ng mga komunidad sa Pilipinas. Bagaman marami ang natatakot sa programa, lalo na ang mga magulang dahil sa alternatibong pamamaraan ng praktikum, nakikita itong paraan ng programa sa layuning makapag-ambag sa pagbabago ng lipunan. Ang praktikum ng Programa ng Araling Pangkaunlaran ay masasabing tumutugon sa misyon ng kolehiyo at nakakawing sa makamasa, siyentipiko, at makabansang konsepto ng edukasyon.

- Ito ay makamasa dahil sa paglubog at pag-alam sa kalagayan ng mahihirap na mamamayan tulad ng mga magsasaka sa kanayunan. Sa pakikipamuhay, natututunan ng mga mag-aaral kung bakit kinakailangang himukin at suportahan ang pagkilos ng mga aping sektor para baguhin ang kanilang kalagayan.

- Ito ay siyentipiko dahil ginagamit ang mga teoryang natutunan sa paaralan upang analisahin ang kalagayan ng lipunang Filipino sa pamamagitan ng paglubog sa hanay ng mga magsasaka. Ginagamit nito ang Social Investigation and Class Analysis (SICA) upang alamin ang sitwasyon at kalagayan ng mga komunidad. Sa pamamagitan ng SICA, nagiging siyentipiko ang pagsasagawa ng pag-aaral at nailalapat ang pagsusuri sa mga kongkretong kalagayan.

- Ito ay makabayan dahil sa paglubog sa mga komunidad sa kanayunan, namumulat at nasasaksihan ng mga mag-aaral ang kalagayan ng ating lipunan. Nakikita ang kahalagahan ng pagpapaunlad sa ekonomiya, politika, at kultura ng bansa. Nauunawaan ng mga mag-aaral ang esensiya ng paglaban para sa tunay na kalayaan at soberanya.

Madalas na ginagamit sa Araling Pangkaulanran ang salitang praxis upang ilarawan ang praktikum. Sa pakahulugan ng mga guro, ang praxis ay salimbayan ng mga teorya at praktika na halaw sa konsepto ni Paulo Freire sa *Pedagogy of the Oppressed*. Para kay Freire ang praxis ay proseso ng repleksiyon at aksiyong nakatuon sa mga estrukturang nais gawan ng transpormasyon. Sa pamamagitan ng prosesong ito, ang inaaping mamamayan ay nagkakaroon ng kritikal na kamulatan sa kanilang tunay na kalagayan, at mula sa kamulatang ito, nahihimok silang kumilos upang baguhin ang kanilang kalagayan (Freire 87).

Ang Programa ng Araling Pangkaunlaran ay itinayo noong 1980 sa Unibersidad ng Pilipinas Manila (924th Board of Regents Meeting) bilang tugon sa pangangailangang magkaroon ng alternatibong pananaw sa kaunlaran na nakabatay sa kasalukuyang kalagayan ng lipunang Filipino at kahalintulad na karanasan ng ibang bansa, partikular ng Third World. Sinusuri ang kalagayan ng mga bansa sa ekonomiya, politika, kultura, teknolohiya, at pagbabagong panlipunan. Sinasanay ang mga mag-aaral ng programa na tasahin ang mga karanasang ito upang makagawa ng mungkahing mga polisiyang makamasa, siyentipiko, at makabayan na tutugon sa pangangailangan ng bansa.

Itinuturo ang mga teorya ng kaunlaran, pero pinalalalim ang pag-unawa sa kahulugan ng kaunlaran sa paggamit ng teorya ng ekonomiyang pampolitika ni Karl Marx upang suriin ang lipunan. Lumalalim ang pag-unawa sa kahulugan ng kaunlaran dahil hindi lamang aspektong pang-ekonomiya ang ginagamit na batayan sa pagtingin sa kaunlaran ng bansa, isinasama rin ang aspektong politikal. Dahil naimulat ang mga mag-aaral sa nasabing teorya, napatutunayan o napasisinungalingan sa praktikum ang mga konseptong kanilang natutunan sa paaralan. Sa praktikum higit na nauunawaan ang kalagayan ng mamamayan at hinihimok ang mga mag-aaral na mag-ambag sa pagsusulong ng pagbabagong panlipunan gamit ang mga teorya sa paaralan at karanasan sa mga komunidad sa kanayunan.

Upang maipakita ang importansiya ng praktikum at ng gawaing pakikipamuhay sa kanayunan, ginamit ng may-akda ang Kuwalitatibong Disenyo ng Pananaliksik. Dito, naipatatampok at higit na nauunawaan ang mga dahilan kung bakit naglulunsad ng praktikum sa kanayunan ang Araling Pangkaunlaran. At dahil ngayon pa lamang komprehensibong matitipon at maitatala ang kasaysayan ng programang praktikum, ang ginamit na pamamaraan ay "illustrative case study" kung saan inilalarawan (descriptive) nito ang kasaysayan at layunin ng programa sa pagsasagawa ng praktikum sa kanayunan. Sa pamamagitan din nito, nakapagbibigay ng mga pananaw ang mga kinapanayam at may-akda sa mga usaping kinaharap ng programa sa loob ng mahabang panahon. Nakatutulong ito upang higit pang mapaunlad ang paglulunsad ng praktikum sa hinaharap.

Ginamit ng may-akda ang sumusunod na pamamaraan upang mangalap ng mga datos na makatutugon sa hangarin ng kuwalitatibong disenyo ng saliksik.

1) Focus Group Discussion (FGD) sa mga mag-aaral na nakatapos na ng praktikum. Kabilang sa mga lumahok sa FGD ay advisees ng may-akda sa Praktikum 2017: ang Team Pampanga (3 miyembro), Team Tarlac (3 miyembro), Team Bataan (3 miyembro), at Team La Union (3 miyembro). Nagkaroon din ng FGD sa mga kinatawan ng mga katuwang na organisasyon ng programa na isinabay sa konsultasyon para sa paghahanda ng praktikum sa 2018. Kabilang sa mga dumalo ay mula sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA), AMIHAN, Kalipunan ng mga Samahang Magsasaka sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK), Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL), Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), at National Network of Agrarian Reform Advocates Youth Sector (NNARA-Youth). Dito, nilinaw ang mga layunin ng saliksik at nakipagtalakayan gamit ang gabay sa FGD.

2) Rebyu ng mga materyales katulad ng practicum journal, practicum report at practicum audio-video presentation; mga katitikan ng pagtatasa; at mga plano ng praktikum noong 2015, 2016, at 2017. Kinapanayam din ng may-akda ang ilan sa mga propesor ng programa na naging bahagi ng pagsasagawa ng praktikum.

3) Panghuli, ginamit ng may akda ang sariling karanasan upang pagtibayin ang nilalaman ng papel na ito. Ang mga karanasan bilang:

A. Praktikumer na nakipamuhay sa Quezon noong tag-init ng taong 2000

B. Tagapangasiwa at giya ng praktikum ng Programa ng Araling Pangkaunlaran bilang organisador ng National Network of Agrarian Reform Advocates – Youth Sector (NNARA-Youth) noong taong 2001 hanggang 2006

C. Faculty Adviser ng praktikum ng Araling Pangkaunlaran mula 2014 hanggang sa kasalukuyan.

**Matuto mula sa mamamayan, lumubog sa kanayunan**

Maraming katanungan kung bakit sa kanayunan o *rural areas* pinadadala ang mga mag-aaral. Ilan sa mga madalas itanong ng mga magulang lalo na sa panahon ng oryentasyon ang sumusunod: Bakit sa hanay ng mga magsasaka, mangingisda, at katutubo makikipamuhay? Hindi ba delikado sa mga lugar na ito? Hindi ba maraming NPA sa mga eryang napili? Iba-iba ang nagiging reaksiyon ng mga magulang dahil malalayo ang mga anak nang mahigit isang buwan. Natatakot sila para sa kaligtasan ng mga anak, lalo't nababalitaan ang patuloy na pandarahas at paglabag sa karapatang pantao sa kanayunan.

Kaya sa kanayunan o rural areas nakikipamuhay ang mga praktikumer ng Araling Pangkaulanran dahil dito matatagpuan ang mayorya ng populasyon sa Pilipinas ayon sa inilabas na polyeto ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (Ang Pambansang Kalagayan At Pakikibaka ng Magsasaka). At upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kasalukuyang kalagayan ng bansa, dapat matutunan at makita nila ito mismo sa hanay ng mayorya ng populasyon.

Sa pagtaya ng KMP aabot sa 75 porsiyento ng populasyon ng bansa ay mga magsasaka, mangingisda, at katutubong naninirahan sa kanayunan, at kabilang sa mga kinokonsiderang mahihirap (Ang Pambansang Kalagayan At Pakikibaka ng Magsasaka). Sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), kabilang ang mga magsasaka at mangingisda sa mahihirap na sektor. Nagtala ang mga mangingisda ng 43.2 porsiyentong poverty incidence at ang mga magsasaka ng 40.7 porsiyentong poverty incidence noong 2012 (Philippine Statistics Authority).

Kung susuriin ang estadisdika ng Philippine Statistics Authority at ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, malaki ang pagkakaiba sa populasyon ng mga magsasaka. Ayon sa PSA CountryStat 2014, mahigit sa 38.65 milyong katao ang may trabaho sa bansa at 11.8 milyong katao (31%) (Philippine Statistics Authority Philippine Agriculture in Figures) lamang ang nagtatrabaho sa agrikultura. Mas mababa ito sa estadistika ng National Statistics Office (NSO) noong 2006 kung saan tinatayang mahigit sa 33 milyong Filipino ang may trabaho at mahigit 12 milyon (37%) dito ay nasa sektor ng agrikultura, 5 milyon (15%) ang manggagawa sa mga industriya, at mahigit 16 milyon (49%) ang nasa sektor ng serbisyo katulad ng transportasyon, komunikasyon, hotel at mga kainan (kabilang dito ang maliliit na mangangalakal, may-ari ng tindahan, at clerk sa opisina) (C. Vallejos at R. Vallejos 2).

Sa loob ng mahabang panahon, nanatiling malapiyudal ang sistemang pang-ekonomiya ng bansa. Sa sistemang ito, patuloy na kinokontrol ng iilang panginoong maylupa ang mga lupain sa bansa kung saan kumukuha ng ikabubuhay ang mayorya ng populasyon. Mula pa noong nasakop ang Pilipinas ng mga Kastila hanggang sa kasalukuyan, tali pa rin ang karamihan ng mamamayan sa pagbubungkal ng lupa. Napanatili sa kamay ng iilang pamilya at dayuhang korporasyon ang malalaking parsela ng mga lupain, habang ang mga magsasaka ay nananatiling maliit ang pag-aari o walang sariling lupa. Sa kanayunan, ang mga panginoong maylupa ang nagpapasya kung ano ang nararapat na hatian sa produkto ng lupa at kung anong produkto ang dapat itanim, samantalang nananatiling maliitan, hiwa-hiwalay at atrasado ang produksiyon ng agrikultura ng bansa. Sa kalagayang ito nabigo ang mga programa ng pamahalaan para sa distribusyon ng mga lupain. Makikita ito sa inabot na pamamahagi ng lupa sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP na natapos ang implementasyon noong Agosto 2014. Sa kabila ng sinasabing tagumpay nito, malawak pa rin ang kawalan ng lupa sa mga magsasaka at napanatili ang kontrol ng mga panginoong maylupa at mga agro-korporasyon sa malalaking parsela ng

lupa. Sa Pilipinas, may 32 asyendang may sukat na 285,520 ektarya; may malalawak na plantasyong agrikultural na may lawak na 140,402 ektarya; at may mga aplikasyon para sa pagmimina na sumasakop sa 857,395 na ektarya (Haciendas Remain).

Nagpapatuloy ang kahirapan sa kanayunan at ang pakikibaka ng mga magsasaka, mangingisda, at katutubo para sa karapatan sa lupa at kabuhayan. Bahagi ng laban ang pagpapalaganap sa mga isyu at usapin tungkol sa lupa at kabuhayan upang makarating sa kinauukulan. Kaya bukas sila sa pagtanggap sa mga mag-aaral na nakikipamuhay sa kanilang komunidad upang maipakita ang kalagayan ng buong bansa, mula kanayunan at kalunsuran.

Nagaganap pa rin ang tunggalian sa uri ng mga magsasaka at ng panginoong maylupa sa kanayunan, tunggaliang nagreresulta sa matitinding paglabag sa karapatang pantao at pagbubuwis ng buhay ng mga magsasaka. Sa ganitong kalagayan ang paraan ng mga magsasaka ay magkaisa at mag-organisa upang magkaroon ng lakas para mapangalagaan ang kanilang mga karapatan, lalo na ang karapatan sa lupa. Hindi kakayanin ng mga magsasaka at ng kanilang mga organisasyon ang pakikibaka para sa makabuluhang pagbabago sa ating lipunan. Mahalaga ang pakikiisa ng akademiya upang higit na mapatampok ang mga isyu at kalagayan sa kanayunan.

**Pakikipamuhay sa Kanayunan:**
**Praktikum ng Araling Pangkaunlaran ng UP Manila**

Itinatag ang Programa ng Araling Pangkaunlaran noong 1980 ng Division of Social Sciences (naging Department of Social Sciences noong 1986) bilang tugon sa pangangailangang magkaroon ng kursong mag-aanalisa sa kalagayan ng lipunang Filipino at aalam sa sitwasyon ng mamamayan, lalo ng mga aping (marginalized) sektor.

Sa unang bahagi ng dekada otsentang saklaw pa ng Batas Militar ni Pangulong Marcos, ang konsepto ng kaunlaran na ipinamandila ng National Economic Development Authority (NEDA) at ng "Bagong Lipunan" ay kaunlarang nakabatay sa paglago ng ekonomiya at yaman ng bansa.

Bilang reaksiyon, binibigyang-diin ng Programa ng Araling Pangkaunlaran ang mga alternatibong pagtalakay sa pang-ekonomiya, pampolitika, at pangkulturang kalagayan ng lipunang Filipino. Naging pangunahing batayan ng pagsusuri ang Ekonomiyang Pampolitika na siyang naghihimay at umuunawa sa diyalektikong ugnayan ng sosyo-ekonomiko at politikal na mga salik. Upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kalagayan ng bansa at makapagsulong ng mga alternatibong programa, bahagi ng Development Studies 190 o Praktikum ang paglubog at pakikipamuhay sa kanayunan.

Ang DS 190 ay kursong may anim na unit at rekisitong kunin ng mga mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran na nasa ikatlong taon sa programa. Ito ay bukas lamang tuwing summer,

na ngayon ay mid-year, at tatagal ng lima hanggang anim na linggo o mula Abril hanggang Mayo noong hindi pa nagbabago ang Academic Calendar. Mula 2016, naging Hunyo hanggang Hulyo ito bilang pag-angkop sa bagong kalendaryo.

Tunguhin ng praktikum na makipamuhay ang mga mag-aaral sa mga komunidad ng mga magsasaka, mangingisda, at katutubo. Habang nasa komunidad ang mga mag-aaral, nagsasagawa sila ng mga interbyu, sarbey, FGD at talakayang masa upang alamin ang kalagayan ng mga tao sa kanilang erya. Gumagampan din ang mga praktikumer ng mga gawain ng mga tinutuluyang pamilya at mga People's Organization (PO). Ilan sa mga ito ang pakikilahok sa gawaing produksiyon katulad ng paghahanda sa lupang sakahan, paggigiik ng palay, pag-aani, pangingisda, pangangahoy at iba pa. Gayundin ang pagtulong sa mga gawaing bahay, paglilinis, pag-iigib, pamamalengke, at paglalaba. Sa bahagi ng mga PO, kabilang sa mga tungkulin ang pagsama sa mga talakayan, pagbibigay ng mga pag-aaral sa mga miyembro ng organisasyon, pananaliksik sa mga isyung nais palalimin ng organisasyon, paglahok sa mga pagkilos at iba pa.

Nagsimula ang pakikipamuhay sa kanayunan bilang praktikum ng Araling Pangkaunlaran noong 1995, mula sa mga praktikum sa mga opisina ng pamahalaan sa kamaynilaan. Batay sa pagsusuri at pagtatasa ng programa, mas magiging makabuluhan ang praktikum kung magagamit ng mag-aaral ang mga teoryang natutunan sa silid-aralan at mapapatunayan ito kung sila mismo ay makikipamuhay sa mga komunidad sa kanayunan. Sa loob ng 22 taon (1995 – 2017), mahigit 900 mag-aaral na ang nakatapos ng kanilang praktikum.

Masusi ang paghahanda para sa praktikum, tatlong buwan bago ang pagdedeploy sa mga mag-aaral, inaayos na ang mga rekisito. Pinasasagutan ang biodata form sa mga magpapraktikum at ipinalalakip ang kanilang medical certificate na nagpapatunay na malusog sila at kakayanin ang pakikipamuhay sa kanayunan. Makikipag-ugnayan ang programa sa katuwang na organisasyong NNARA-Youth upang maihanda ang mga eryang tutuluyan ng mga mag-aaral. May Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng UP Manila at NNARA-Youth na gumagabay sa mga proseso at saklaw ng praktikum.

Sa isang position paper na pinadala kay dating UP Manila Chancellor Ramon Arcadio noong Oktubre 2009, nanindigan ang kaguruan ng Araling Pangkaunlaran na panatilihin ang pakikipamuhay sa kanayunan bilang praktikum ng programa. Sagot ito sa katanungan ng pamunuan ng UP Manila hinggil sa kondukta ng praktikum at sa pagtiyak sa kaligtasan ng mga mag-aaral. Hinimok ng mga administrador ng unibersidad na gawing opsiyonal na lamang ang pakikipamuhay sa kanayunan at hayaan ang mga mag-aaral na pumili ng lugar, erya, o opisina na paglulunsaran ng kanilang praktikum.

Sa nasabing position paper na nilagdaan at isinumite ng mga kinatawan ng Development Studies Practicum Committee na sina Prop. Roland G. Simbulan, Prop. John Ponsaran, Dr. Edberto M. Villegas at Atty. Karol Sarah Baguilat, nilinaw ang mga hakbangin upang

higit pang mapabuti ang paglulunsad ng praktikum. Inilatag ang mga rekisito katulad ng sumusunod:

1. Layunin at kondukta ng praktikum
2. Lugar na paglalagakan ng mga mag-aaral
3. Batayan ng kapasyahan para sa pagpili ng erya
4. Output ng mga mag-aaral
5. Kuwalipikasyon ng mga gurong hahawak ng praktikum, at
6. Iskedyul ng paglulunsad ng praktikum.

**Paghubog, paglubog, pakikibaka: Mga karanasan, aral, at hamon ng praktikum**

Sa papel na pinamagatang "Reaffirming a True University of the People" inilahad ni Prop. Roland G. Simbulan, dating tagapangasiwa ng Programa ng Araling Pangkaunlaran at UP Faculty Regent, sa System-wide U.P. Faculty Conference noong Mayo 20-22, 2009 ang kahalagahan ng pakikipamuhay sa kanayunan bilang praktikum ng Programang Araling Pangkaunlaran. Ayon sa kaniya, "Sa pamamagitan ng pakikipamuhay ng mga mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran sa mga komunidad, nakapagluluwal ang unibersidad ng alumni na may malasakit sa sambayanan saan man silang larangan ng pagtatrabaho mapunta. Patunay rito ang mga testimonya ng mga nagsipagtapos ng Araling Pangkaunlaran na ngayon ay nasa mga International Development Institution, gobyerno, people's organization, at non-government organization."

Sa pamamagitan ng praktikum, nahuhubog ang mga mag-aaral ng programa na maging mapanuri at kritikal sa mga usaping nakaaapekto sa buhay ng mga aping sektor ng lipunan. Nahuhubog din ang pagtitiwala sa masa habang nasa panahon ng praktikum. Hindi biro ang makipamuhay sa loob ng anim na linggo lalo kung hindi kakilala o kaano-ano ang mga tutuluyan. Natututunan ng mga mag-aaral na ibigay ang tiwala sa mamamayan at masasabing nasa kamay ng mga magsasaka, mangingisda, at katutubo ang kaligtasan ng mga praktikumer. Kabahagi ang mga PO sa pagtitiyak na ligtas ang mga mag-aaral na nakikipamuhay sa mga komunidad. Nahuhubog ang simpleng pamumuhay katulad ng pagiging payak ng mga nakakasalamuha at pansamantalang kinakalimutan ang mga luho sa buhay upang makibahagi sa kung ano ang meron sa kanayunan.

Ayon kay Christine Salazar, nagpraktikum noong 2006,

> Sa pakikipamuhay sa masa, maliban sa natututo tayong maging mapagpakumbaba, ay natututo rin tayong gamitin ang mga teorya upang mabigyan ng kapangyarihan ang mga mamamayan na lumaban para sa kanilang mga karapatan. Bilang mga mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran, nangangarap tayong magtrabaho sa mga organisasyong naglalayon ng kaunluran para sa ating bansa. Isang larangan ang praktikum upang lalong hasain ang ating kakayahan bilang mga susunod na manggagawang pangkaunlaran. Namumulat tayo sa praktikum sa iba't ibang mga usapin sa kanayunan at kung bakit nagpapatuloy ang kahirapan lalo na sa mga magsasaka. Sa karanasan ko sa praktikum, napatunayan ko na ang sumusunod ay ilan lamang sa mga dahilan ng patuloy na kahirapan sa kanayunan: ang di pantay na pamamahagi ng kayamanan ng bansa, makaisang panig na kasunduan lalo na sa agrikultura, at hindi maagap na paghahatid ng mga serbisyong panlipunan, na siyang nagpapalubha ng kahirapan sa kanayunan.

Sa pamamagitan ng praktikum, nailalapat ang mga natutunang teorya sa kalagayan sa kanayunan. Dito nakikita at napatutunayan kung tama o mali ang mga konseptong itinuturo sa paaralan, katulad ng kaunlaran, kahirapan at iba pa.

Nagkakaroon din ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maging bahagi ng mga gawain ng host families at people's organizations. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

1. Produksiyon (pagtatanim, pangingisda, paggapas, pangangahoy, pag-ani, pagtatraktora)

2. Gawaing bahay (paglalaba, pamamalengke, pag-iigib, paglilinis, paghuhugas ng pinggan)

3. Organisasyon (Pananaliksik, pagbibigay ng pag-aaral, pangangasiwa ng FGD, pagiging documentor o tagapagsalita, pakikipagnegosasyon, pagpaplano)

4. Adbokasiya at Kampanya (operasyon-pinta/operasyon-dikit, pamomolyeto, mobilisasyon)

Sa mga gawaing ito nakikita ang kahalagahan ng sama-samang pagkilos at naipaparamdam ang hirap ng buhay. Naipapaintinding kinakailangang kumilos upang suportahan ang pakikibaka ng mga mamamayan para sa kaunlaran.

Bilang mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran, sa pamamagitan din ng pakikipamuhay sa rural communities at praktikum ako namulat. Naunawaan ko ang mahalagang papel ng mga kabataan sa lipunan sa pamamagitan ng pag-aambag ng lakas para sa inaasam na pagbabago.

Naalala ko noong kami ay nagpraktikum sa Quezon, lima kaming miyembro ng grupo, tatlo kaming lalaki at dalawa ang babae. Nakalahok at nag-organisa kami ng pagkilos noong mahal na araw ng 2000, ang Kalbaryo ng mga Mamamayan sa Lucena. Naging bahagi kami ng propaganda team na humimok ng mga lalahok at food committee na naghanda ng pagkain para sa pagkilos. Nakasali rin kami sa paggapas ng palay, pagdukal ng kopra, pangingisda at kung ano-ano pa.

Malaki rin ang naging bahagi namin sa pag-oorganisa ng mga magsasaka. Kasama kami sa mga nagbibigay ng pag-aaral tungkol sa mga proyektong pangkaunlaran at mga programa ng pamahalaan. Nakapagtayo kami ng ilang mga balangay ng organisasyon ng mga magsasaka roon. Tumulong din kami sa pananaliksik ng Kasama-TK (rehiyonal na balangay ng KMP sa Timog Katagalugan) sa kalagayan ng mga magsasaka at magniniyog sa Quezon. Kahit fakulti na ako sa Programang Araling Pangkaunlaran, hindi pa rin nawawala ang

alaala ng aking praktikum sa Quezon. Ito ang naging dahilan kung bakit ako namulat at nagpursiging sumuporta sa laban ng mga magsasaka at iba pang inaaping sektor ng lipunan. Hanggang ngayon ay tangan ko pa rin ang mga aral na natutunan ko sa loob ng anim na linggong pakikipamuhay sa kanayunan.

Sa kabila ng mga aral na natututunan ng mga mag-aaral, hindi nawawala ang mga usapin na hanggang sa kasalukuyan ay kinakaharap pa rin sa praktikum. Kahit halos dalawampung taon nang naglulunsad ng pakikipamuhay sa kanayunan, lagi't laging may problemang dumarating. Ang mahalaga ay kung paano ito hinaharap upang masulosyunan. Narito ang mga kinaharap na problema at kahinaan ng programa sa paglipas ng panahon.

**Mga Naging Kahinaan**

***A. Usapin sa Pinansiya***

Bagaman nailulunsad nang maayos ang praktikum, isa sa mga usaping sinisikap solusyonan ang suliranin sa pinansiya. Lalo na ang usapin sa practicum fund na Php1,500 (Php750 noong taong 2000) para sa mga facilitator at giya na nanggagaling pa sa mga mag-aaral.

Usapin din ang gastusin ng mga mag-aaral habang nasa praktikum. Hindi man nila binabayaran ang board and lodging dahil nakikitira sa mga miyembro ng organisasyong masang katuwang ng programa, namamasahe naman sila at bumibili ng pagkaing ambag sa tinutuluyan. Kahit na kinakailangang magtipid, may mga pagkakataong magastos lalo na kapag maraming lugar silang kailangang puntahan. May mga pagkakataon ding sinasagot nila ang pamasahe ng mga giya at organisador na kasama sa praktikum.

Sa kasalukuyan ay gumagawa ng mga hakbang upang matugunan ang usaping ito.

***B. Koordinasyon ng mga Facilitator, Giya, at PO***

Sa mga pagtatasang isinagawa hinggil sa praktikum, usapin din ang maayos na koordinasyon lalo na sa proseso ng pagpapaalam at pagpapakalat ng impormasyon. Ayon sa isang mag-aaral na kasama sa FGD:

> Kailangan ay nabibigyan ang lahat ng sapat na impormasyon sa mga plano at sa mga lugar na pupuntahan upang masiguro na rin ang seguridad ng lahat. Sa amin kasing karanasan, minsan ay nagkakaroon ng miskomunikasyon sa pagitan ng mga miyembro ng organisasyon o kaya naman ay hindi naipapaalam kaagad na mayroong pagbabago sa larga kaya naman minsan ay nasasayang ang oras at hindi masyadong napakikinabangan ang mahabang oras para magsagawa ng iba pang nakatakdang gawain. (FGD Participant 1 Team Bataan 2017)

Bilang tugon, minabuting ayusin ang proseso ng komunikasyon at koordinasyon ng programa, giya, organisasyon at mga mag-aaral upang maiwasan ang miskomunikasyon. Inaasahan ding magkakaroon ng maayos na pagpaplano sa mga probinsiya upang maiwasan ang mga nasabing suliranin.

*C. Pangungulila sa mga mahal sa buhay at pakikisalamuha sa masa*

Ang isa't kalahating buwan ng pagsasagawa ng praktikum kung susuriin ay hindi gaanong mahaba. Ngunit parang napakahaba nito sa mga mag-aaral na unang beses malalayo sa kanilang pamilya. Nagreresulta ito sa pangungulila sa mga mahal sa buhay. Sa unang dalawang linggo ng pakikipamuhay talagang nahihirapan ang iba, pero kapag lumaon ay nasasanay na rin, lalo na kapag marami nang ginagawa. Nakakatulong ang mga nakikilalang mga bagong pamilya habang nasa praktikum.

Lumabas din sa mga pagtatasa ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pakikisalamuha sa masa. Ayon sa isang mag-aaral na nakibahagi sa FGD:

> Naging kahinaan din kasi ng aming grupo ang hindi masyadong pakikihalubilo sa mga naging foster parent. Dahil halos kaming lahat ay tahimik at mahiyain, medyo hindi kami nagkaroon ng pagkakataon na makausap sila nang masinsinan. Mas mainam siguro kung lubos talaga ang pagpupursige sa pakikisalimuha sa mga masa sa komunidad upang makita talaga ang kanilang kalagayan hindi lang sa pangkalahatan kundi pati na rin sa pamumuhay mismo ng bawat indibidwal. (FGD Participant 2, Team Bataan 2017)

Mahigpit ang tagubilin sa mga mag-aaral na makisalamuha sa masa, makipag-usap at huwag umiwas sa mga ganitong gawain.

*D. Maling pagtingin sa Praktikum*

Hindi maiiwasang magkaroon ng maling pagtingin sa pagsasagawa ng praktikum lalo na sa kanayunan. Dahil sa palagiang ikinakawing ang Unibersidad ng Pilipinas sa aktibismo, ang mga kursong katulad ng Development Studies 190 ay napararatangang tinuturuang maging rebelde ang mga mag-aaral ng programa. May mga pagkakataong kinukuwestiyon ng mga magulang kung bakit kinakailangang lumahok sa mga lokal na pagkilos sa mga probinsiya. May ibang nagsasabi na walang kaugnayan sa kurso ng mga anak ang pakikipamuhay sa kanayunan.

Palagian namang binabanggit sa inilulunsad na oryentasyon para sa mga magulang na ang mga gawain ng mga praktikumer ay dapat nakaayon sa aktibidad ng mga organisasyong katuwang ng programa. Nililinaw ring hindi ipinapahamak ang kanilang mga anak kapag sila ay nakikilahok sa mga pagkilos, bagkus ay iminumulat sila sa tunay na kalagayan ng mga mamamayan sa kanayunan.

*E. Red-baiting sa mga mag-aaral*

Ang praktikum ay mahalagang bahagi ng kurikulum ng Development Studies pero dahil sa patuloy na pag-uugnay sa UP bilang kanlungan ng mga aktibista, nalalagay sa kapahamakan ang mga mag-aaral. Ayon sa isang mag-aaral na kabahagi sa FGD:

> Bukod sa kuwestiyon ng seguridad na naging problema dahil sa kadalasang pag-akusa sa mga estudyante na bahagi ng NPA o Maute man lalo na sa panahon ngayong mainit ang isyu sa Marawi. (FGD Participant 3, Team Pampanga 2017)

Hindi bago ang ganitong usapin at sa katunayan ay may personal ding karanasan sa bagay na ito. Naalala ko noong taong 2000 kung kailan naparatangan kaming mga miyembro ng NPA nang mag-courtesy call sa isang munisipyo sa Quezon. Noong 2003, ipinakalat ang maling impormasyon tungkol sa praktikum na diumano'y nagpapadala ng mga mag-aaral sa mga kuta ng NPA upang turuang gumawa ng land mines at bomba. Tinawag ng mga sundalong "paaralan ni Mao Zedong" ang praktikum sa Timog Katagalugan. Pinaratangan ding mga NPA ang grupo ng mga mag-aaral na nakikipamuhay sa La Union noong 2017.

**Mga Ambag ng Praktikum**

Sa loob ng halos dalawang dekada ng pagsasagawa ng pakikipamuhay sa kanayunan bilang praktikum, marami nang ambag ang programa sa pagsuporta sa pakikibaka ng mga magsasaka at mamamayan sa kanayunan.

***1. Ambag sa mga mag-aaral at guro***

Malaki ang naitutulong ng praktikum upang imulat ang mga mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran sa kalagayan ng mga mamamayan lalo na sa kanayunan. Ayon kay Bb. Anna Flotilda P. Desales na nagpraktikum noong 2007 sa Batangas, marami ang nabago sa kaniyang pananaw at paniniwala sa buhay dahil sa karanasan sa praktikum. Isa na rito ang paniniwalang mahirap ang tao dahil sa katamaran o kamalasan sa buhay, dahil ito ang kinalakhang paniniwala. Sa pakikipamuhay napagtanto niyang maraming salik kung bakit naghihirap ang tao, kabilang ang sistemang pinaiiral ng mga naghaharing-uri sa lipunan. Sa pakikipamuhay nasaksihan niya kung paanong pinahihirapan at pinagsasamantalahan ng mga maykapangyarihan, lalo na ng pamahalaan, ang mga maralita. Sa halip na tulungan ang mga ito at suportahan ang kanilang marangal na hanapbuhay ay nagpatupad pa ang pamahalaan ng mga polisiyang pumapabor sa iilan lalo na sa mga dayuhan. Sa huli ayon kay Bb. Desales, pinatunayan ng karanasan sa pakikipamuhay sa kanayunan na ginagamit ang edukasyon at kultura upang mapanatili ang "kaayusan" ng lipunan ayon sa kagustuhan ng mga naghaharing-uri. Ipinalalaganap ang kaisipang pasibo at makasarili upang mamayagpag ang kanilang paghahari. Napatunayan niya ang kahalagahan ng pagtatayo at pagtatatag ng isang bagong lipunan sa pamamagitan ng pagbuwag sa mga ugat ng kasalukuyang suliranin sa lipunan upang tuluyang wakasan ang paghihirap ng masang Filipino.

Ayon naman kay Mark Vincent D. Lim, nagpraktikum noong Hunyo 2016, ang praktikum ay ang sukatan ng pagiging mag-aaral ng Development Studies sa UP Manila. Isa itong paraan para ma-validate ang mga teorya at konseptong natututunan sa silid-aralan sa pamamagitan ng (1) pagkikipag-usap at pag-alam sa iba't-ibang idea at pananaw ng masa; (2) pagproseso ng mga ideang ito at pag-uugnay sa mga konsepto katulad ng Marxismo na nagsasaad na kinakailangang lapat sa masa ang mga idea at nakabatay sa obhektibong kalagayan ng lipunan at siyentipikong paraan ng pag-aanalisa sa mga isyu at usapin: at (3) muling pagbalik ng mga ideang ito sa masa sa pamamagitan ng linyang pampolitika na magagamit upang isulong ang pakikibaka para sa pagbabago ng lipunan.

Ayon naman sa dating fakulti ng Programang Araling Pangkaunlaran na si Dr. Arnold Alamon, naging practicum adviser noong 2005, "Sa aking palagay, ang praktikum ng Araling Pangkaunlaran ay ang puso at kaluluwa ng programa. Sa mga mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran, marapat lang na tingnan natin itong oportunidad upang maging tunay na Iskolar ng Bayan."

***2. Ambag sa kurikulum ng Araling Pangkaunlaran***

Malaki rin ang naging ambag ng praktikum sa higit pang pagpapaunlad ng kurikulum ng programa ng Araling Pangkaunlaran. Naging bahagi ng pagtuturo sa iba't ibang kurso ang mga karanasan at isyung kinaharap ng mga praktikumer. Mula sa kalagayan ng lipunang Filipino hanggang sa mga partikular na kalagayan ng mga magsasaka sa Hacienda Luisita, Hacienda Looc, mga manggagawang bukid sa Negros, mangingisda sa lawa ng Laguna, katutubong Ata sa Central Luzon at marami pang ibang mga lugar, ginamit ang mga datos na nalikom at karanasan ng mga mag-aaral upang pahusayin pa ang kurikulum ng programa.

Bahagi rin ng pag-aaral ang pagsusuri sa mga polisiyang ipinapasok at ipinatutupad ng pamahalaan katulad ng Comprehensive Agrarian Reform Program/Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reform (CARP/CARPER), Bondoc Peninsula Development Project, MRT-7 Project, pagpapatayo ng mga Coal-Fired Powerplant sa Bataan, na ilan lamang sa mga kasong naipapaloob sa mga kurso sa programa.

***3. Ambag sa mga sektor at People's Organization***

Pinakamahalagang ambag ng praktikum ang pagtatayo ng National Network of Agrarian Reform Advocates Youth Sector (NNARA-Youth) sa UP Manila noong 1996. Itinatag ito ng mga praktikumer noong 1996 na nagbigay ng tapat na pangako ng pagsuporta sa pakikibaka ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at makatotohanang kaunlaran. Mula 1996, naging kabahagi na ng Araling Pangkaunlaran ang NNARA-Youth bilang partner organization sa paglulunsad ng pakikipamuhay sa kanayunan. Maraming mga mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran ang naging miyembro ng NNARA-Youth na hanggang sa kasalukuyan, mula iba't ibang larang at propesyon, ay nananatili pa rin ang suporta sa mga magsasaka.

Napapatampok naman ang mga usapin sa *Development Studies Praxis* o ang taunang Practicum Conference ng Programa ng Araling Pangkaunlaran. Sa panahong ito, ibinabahagi ng mga grupong nagpraktikum sa ibang mag-aaral ng UP Manila ang mga karanasan sa pakikipamuhay sa kanayunan. Nagkakaroon din sila ng eksibit na nagpapakita ng kalagayan ng sektor na kanilang nilubugan, at aanyayahan ang mga naging bahagi ng kanilang praktikum, mula sa mga People's Organization na naging katuwang nila hanggang sa mga pamilyang nagpatuloy at umagapay sa kanila, upang saksihan ang pag-uulat hinggil sa kanilang karanasan. Noong 2000, basa-talakay at manila paper ang ginagamit namin sa pag-uulat. Nagtanghal din kami ng mga dulaang iglap at umawit at tumula ng mga piyesang natutunan sa erya.

Nakapagprodyus naman ng praymer ang ibang mga batch, katulad ng "DevStud Practicum: Mga Testimonya at Survival Tips" na ipinamahagi sa Practicum Conference noong Hunyo 17, 2005 na may temang "Para sa Masa, Tungo sa Masa."

Sa kasalukuyan, makabago na ang dulog sa pagsasagawa ng Practicum Conference ng Programa ng Araling Pangkaunlaran. Bahagi na ng output ng mga praktikumer ang paggawa ng 30-45 minutong Audio-Video Presentation (AVP) at week-long exhibit na sumasalamin sa mga karanasan at isyung kinaharap sa praktikum. Isinusumite ang kanilang Practicum Paper sa programa kalakip ang kopya ng AVP na ibinibigay sa mga PO upang magamit sa pagtalakay ng mga isyu, pagmumulat sa mga miyembro at pagpapalawak ng mga organisasyon.

**Pagtatapos**

Kung susuriin, ang naging karanasan ng Araling Pangkaunlaran ng Unibersidad ng Pilipinas Manila sa pagsasagawa ng kanilang taunang praktikum na pakikipamuhay sa kanayunan, ay higit na nagpapatibay sa paninindigan ng programa na gamitin ang edukasyon bilang sandata upang imulat ang mga mag-aaral sa tunay na kalagayan ng ating lipunan. Sa patuloy na paglulunsad ng praktikum sa kanayunan, mas naipapaunawa sa mga mag-aaral ang layunin ng unibersidad na ihanda ang mga magsisipagtapos, lalo na ang mga mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran, upang magsilbi at mag-ambag para sa kapakanan at interes ng sambayanan.

Kung titingnan, isang alternatibong praktikum ang pakikipamuhay sa kanayunan, lalo na kung ihahambing ito sa konsepto ng on-the-job training at industry integration na tradisyonal na isinusulong ng ibang mga unibersidad at kolehiyo at may mandato ng Commission on Higher Education (CHED). Sa sistema ng edukasyong nakaayon sa neoliberalismo, makikita ang pagkiling ng mga aktibidad sa mga paaralan sa pangangailangan ng merkado. Ayon nga sa Republic Act No. 7722 o Higher Education Act of 1994: "to develop and promote policies, systems, procedures and programs that address globalization, changing policies, and liberalization of trade in goods and services, the Commission on Higher Education (CHED) is tasked to supervise student internship programs in the country."

Naglabas ang CHED ng CHED Memoradum Order (CMO) No. 23, Series of 2009 o "Guidelines for Student Internship Program in the Philippines (SIPP) for all Programs with Practicum Subject" na tutugon sa pagtitiyak na ang mga karanasan at kaalamang makukuha ng mga mag-aaral sa praktikum ay makabuluhan at sa pangangalaga sa mga mag-aaral na nagsasagawa ng praktikum.

Alternatibo ang praktikum ng Araling Pangkaunlaran dahil ang tinutungtungan nito ay ang pagsusulong ng edukasyong nakalapat sa kalagayan ng mga mamamayan, lalo na ng mga nasa kanayunan. Hindi nito isinusulong ang neoliberal na globalisasyon, bagkus tinitingnan at sinusuri nito ang epekto nito sa kabuhayan ng mga magsasaka, mangingisda, at

katutubo. Malalim na inaaral ng programa ang epekto ng globalisasyon lalo na sa sistema ng edukasyon ng bansa. Kasama ang programa sa paninindigan na mali ang pribatisasyon, deregulasyon, at liberalisasyon ng mga serbisyong panlipunan na may masamang dulot sa kabuhayan sa kanayunan at sa kalunsuran.

Sa kabila ng mga tanong hinggil sa kondukta ng praktikum sa kanayunan, matibay ang desisyon ng programa na ipagpatuloy ito at higit pang pataasin at paunlarin ang mga proseso. Sa pamamagitan ng praktikum humihigpit ang suporta ng akademiya sa pakikibaka ng mamamayan. Kaisa ang programa at mga mag-aaral sa pakikibaka ng mga magsasaka, mangingisda, at katutubo, mula sa pang-ekonomiyang kagalingan hanggang sa antas ng politika. Sa pamamagitan ng praktikum, namumulat ang mga komunidad para magkaisa at hilingin sa pamahalaan na magpatupad ng mga polisiya at proyektong magtataguyod hindi lamang ng kanilang kagalingan, kundi para sa lahat ng mamamayan sa buong Pilipinas. Napatibay ng programa ang paniniwalang ang pakikibaka ng mga magsasaka, mangingisda, at katutubo para sa lupa at kabuhayan ay hindi lamang nila laban kundi laban ng lahat ng mamamayang inaapi at pinasasamantalahan na kinakailangang suportahan.

Susi sa tagumpay ng praktikum ng Programa ng Araling Pangkaunlaran ang mahusay at solidong paghahanda at koordinasyon ng mga guro ng programa at ng mga katuwang na organisasyong masa. Malaki ang ginagampanang papel ng mga guro sa paghahanda sa mga mag-aaral na makikipamuhay sa kanayunan. Mula sa pagsasagawa ng mga oryentasyon, Salimbayan (konsultahan sa pagitan ng mga PO), deployment, hanggang sa pagmonitor, koordinasyon at pagtatasa. Tinitiyak ding nakabatay ang mga susulating report at gagawing AVP sa kalagayan ng mga sektor na nilubugan upang mapakinabangan ng mga organisasyon sa mga kampanya at pagpapalawak.

Malaki rin ang naitulong ng praktikum sa pagpapatampok ng mga isyu at usapin ng mga mamamayan sa kanayunan, lalo na kapag nakabalik na mula sa praktikum ang mga mag-aaral. Ang mga abstraktong konsepto, teorya at isyung tinatalakay sa silid-aralan ay naisasakongkreto sa pakikipamuhay. Ang mga AVP at practicum report ay dokumentasyon at pagbibigay-pugay sa mga magsasaka, mangingisda, at katutubo.

Bukas ang pamunuan ng Programa ng Araling Pangkaunlaran sa mga suhestiyon ng mga mag-aaral at katuwang na people's organization upang higit pang mapaunlad ang praktikum. Kaakibat ng pagiging bukas ang pagiging demokratiko at mapanlahok ng programa, sa pamamagitan ng pakikisangkot nito sa mga sektor at pakikipag-ugnayan sa mga pangmasang organisasyon.

Hindi rin maitatanggi na malaki ang naitulong ng mga kursong kinukuha ng mga mag-aaral ng Araling Pangkaunlaran bago ang praktikum. Ang mga kursong ito ang nagbigay ng matibay na pundasyon upang maging kritikal sa mga isyung panlipunan na kinakaharap sa praktikum.

Ang malawak at masikhay na pakikipagkaisa ng programa sa mga pangmasang organisasyon at iba't-ibang sektor ng lipunan (lalo na sa mga organisasyon sa kanayunan) ay nagbigay-daan upang magkaroon ng malalim na balon ng mga eryang paglulunsaran ng praktikum. Mula sa dating Luzon-based lamang, may ilang taon na ring nakapagpapadala ng mga mag-aaral sa Visayas at hindi malayong mangyari na makapagbukas ng erya sa Mindanao sa hinaharap. Ito ay dahil sa mahigpit na pakikipag-ugnayan ng programa sa mga pambansang organisasyon tulad ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA), Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan sa Pilipinas (KAMP), Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), at ang katuwang na organisasyon sa paglulunsad ng praktikum ang NNARA-Youth.

Sa huli ang matibay na paninindigan at katumpakan ng pagsusuri sa lipunang malakolonyal at malapiyudal ang nagpapanatili sa pakikipamuhay sa kanayunan bilang praktikum ng Programa sa Araling Pangkaunlaran ng Unibersidad ng Pilipinas Manila. Ang patuloy na pagsasagawa ng pakikipamuhay sa kanayunan ay humihimok sa mga mag-aaral at maging sa mga fakulti ng programa na kumilos at suportahan ang pakikibaka para sa kaunlaran at pagbabago ng lipunan.

Pinatunayan ng karanasan ng mga mag-aaral na hindi sapat na nasa apat na sulok ng silid-aralan lamang ang kaalaman. Mas marami silang natututunan kung makikipamuhay sila sa kanayunan at lulubog sa hanay ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng praktikum, nagiging aktibong puwersa ang mga mag-aaral at fakulti sa pakikipagtalakayan at pakikipagbahaginan lalo na sa mga lugar na may mga tampok na usaping nakakaapekto sa kabuhayan ng mga magsasaka, mangingisda, at katutubo. Tangan ng mga mag-aaral ang kaalaman na nakuha nila sa paaralan tulad ng pagsisistematisa at pag-oorganisa ng mga datos at pagsusulat ng ulat na nagagamit ng mga sektor upang mas pataasin at patampukin ang laban nila. Palagiang ginagamit ang mga katagang ito tuwing sumasapit ang praktikum, "Baog ang Teorya kung walang Praktika!"

Upang maging malawak at lubos ang tagumpay ng mga laban sa kanayunan, kinakailangan ang pagtatampok, pagsuporta at paglahok sa mga panawagan nila. Dito natatangi ang praktikum ng Araling Pangkaunlaran ng UP Manila, sa pamamagitan ng pakikipamuhay, nagiging aktibong puwersa ang mga mag-aaral para sa tunay na pagbabago at kaunlaran ng bansa. Aktuwal na nararanasan ng mga praktikumer ang kahirapan ng mga aping sektor. Nakikita nila ang epekto ng mga programang pinatutupad ng pamahalaan at ng mga pribadong korporasyon sa mamamayan. Nasasaksihan mismo ng mga mag-aaral ang ginagawa ng mga tao upang baguhin ang kalagayan.

Ang tagumpay at pag-abot sa mga layunin ng praktikum ng Programa ng Araling Pangkaunlaran ng Unibersidad ng Pilipinas Manila ay nakabatay sa kahandaan sa pagbabago, pagiging bukas at lubos na pagpapanday ng sariling disiplina. Ang pakikipamuhay sa kanayunan bilang praktikum ay tunay na makamasa, siyentipiko at makabayang edukasyon.

## MGA SANGGUNIAN


"924th Board of Regents Meeting". *University of the Philippines Gazette 11*. 1 (1980): 22. Web. 11 Agosto 2018.

"Ang Pambansang Kalagayan at Pakikibaka ng Magsasaka sa Ilalim ng Rehimeng US-Macapagal-Arroyo". *Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (2005)*. Limbag.

CHED Memorandum Order 23. "Guidelines for Student Internship Program in the Philippines (SIPP) for all Programs with Practicum" (2009) n. pag. Web. Inakses noong 22 Marso 2018. <http://ched.gov.ph/cmo-23-s-2009/>

Desales, Anna Flotilda P. "Sa Piling ng mga Tao sa Kanayunan." University of the Philippines Manila, Abril 2007. Reflection Paper Development Studies 190.

Freire, Paulo. "Pedagogy of the Oppressed." New York: Continuum Books, 1984. Limbag

Guerrero, Milagros C. "Education and Language." *Kasaysayan: The History of the Filipino People*. Under Stars and Stripes 6. Asia Publishing Company Limited, A joint venture of Reader's Digest and A-Z Marketing, Inc., 1998. Limbag.

"Haciendas Remain". IBON Facts and Figures Special Release 36. 17 (2013). Limbag.

Lim, Mark Vincent. (2016). "Practicum assessment." University of the Philippines Manila. Agosto 2016. Paper Economics 115.

"Neoliberalismo at ang krisis sa sistema ng edukasyon." *Gabay sa Pagtalakay*. League of Filipino Students. 2010.

Philippine Statistics Authority. "Fishermen, farmers and children remain the poorest basic sectors" (2014). n. pag. Web. Inakses noong 29 Marso 2017. <https://psa.gov.ph/content/fishermen-farmers-and-children-remain-poorest-basic-sectors-0>

Philippine Statistics Authority. "Philippine Agriculture in Figures CountryStat" (2014). n. pag. Web. Inakses noong 28 Marso 2017. <http://countrystat.psa.gov.ph/?cont=3>

Republic Act No. 7722. "Higher Education Act of 1994". n. pag. Web. Inakses noong 21 Marso 2018. <https://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra1994/ra_7722_1994.html>

Signing of free college education into law a victory of collective struggle – Anakbayan August 4, 2017. n. pag. Web. Inakses noong 11 Agosto 2018. <http://www.anakbayan.org/signing-of-free-college-education-into-law-a-victory-of-collective-struggle-anakbayan/>

Simbulan, Roland. "Reaffirming a true university of the people". Paper presented in the System-wide University of the Philippines Faculty Conference at the Subic Holiday Villas, May 20-22, 2009. n. pag. Web. Inakses noong 12 Agosto 2018 < http://www.yonip.com/reaffirming-a-true-university-of-the-people-by-roland-g-simbulan/>

Sison, Jose Maria. "On Monopoly Capitalist Globalization". *Selected writings of Jose Ma. Sison, 1991-2009, 2: For Democracy and Socialism against Imperialist Globalization*. Philippines: Aklat ng Bayan, Inc., Philippines, 2009: 59-79. Limbag.

Vallejos, Celeste at Reginald Vallejos. "Ragasa ng BUFFALO: Kuwento at Pakikibaka ng Bukidnon Free Farmers and Agricultural Laborers Association". *Many Faces of Social Development. CSWCD Development Journal* (2008): 1-35. Limbag.